

Pamahiin sa Kamatayan: Katutubong Konsepto ng mga Taclobanon

Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development
Vol. 9 No. 1, 106-113
March 2021

Aldwin B. Amat

College of Arts and Sciences, Leyte Normal University, Tacloban City,
Philippines
aldwinamat_777@gmail.com

Date Received: October 23, 2020; Date Revised: February 6, 2021

Abstract- This study strived to gather and analyze the Taclobanon's beliefs and cultural values associated with death. The researcher used the ethnographic research design and conducted the study in the City of Tacloban, located in the Northern part of Leyte. Purposive sampling was used in determining the informants of the study based on the following: (a) age: 55 years old and above, (b) native Taclobanon, (c) length of residence in Tacloban. The results of the study showed that Taclobanon have basis on signs of death through the sounds and movements of animals, insects, and others such as butterflies, dogs, owls, hawks, crows, lice, and lizards. It also includes dreams about snakes, fish, candles, coffins, teeth, water, and a sailboat without a "katig". Other signs associated with death are known to the natives of Tacloban as pagbabalo (where objects that have fallen are given interpretation related to death), gin-iirasan (a feeling of discomfort), kulba (a feeling of nervousness), and pangamoy (someone's sense of smell). The natives also follow some "bulong", an act of whispering to a person's body during the curse of healing and manipulation to prevent death. In terms of the cultural values, physical dimension is being associated by the Taclobanon through the unnatural movements and sounds of animals and insects. In this study, it can be seen how the natives use inner senses through dreams, intuition, and sensations. In addition, the "bulong" is being associated in the spiritual dimension as a curse to death. The social dimension also includes caring for relatives as seen in reminders to curse death.

Keywords: superstitious, death, Taclobanon

Abstrak- Tinangka ng pag-aaral na ito na makapangalap at masuri ang mga pamahiin at ang mga pagpapahalagang kultural na may kinalaman sa kamatayan ng mga Taclobanon ng Hilagang Leyte. Ginamit ang desinyong etnograpiya sa pag-aaral. Sa lokal ng pag-aaral ay isinagawa ang pagmapa batay sa mga salik na nakakaimpluwensiya sa paglinang ng panitikang Pilipino gaya ng: (a.) liblib na lugar (b.) baybaying-dagat (coastal) (c.) kabundukan (upland) at (d) sentro ng bayan ng lalawigan ng Leyte. Purposive sampling ang pagkuha ng impormante batay sa sumusunod (a.) edad 55-pataas (b.) katutubong Taclobanon (c.) haba ng taon sa paninirahan. Lumabas sa pag-aaral na pinagbabatayan ng mga Taclobanon ang palatandaan sa kamatayan sa pamamagitan ng huni at galaw ng hayop/ insekto at iba pa tulad na lamang sa paruparo, aso, kuwago, "hurikling," bangaw, "kupó-kupó," kuto at tiki. Samantala sa mga panaginip ay ahas, isda, kandila, kabaong, ngipin, tubig, sakayan. Sa pakiramdam kagaya ng "pagbabalo," "gin-iirasan," kutob at pangamoy. May mga bulong din na sinusunod bilang panlaban na hindi matuloy ang peligro at kamatayan. Sa pagpapahalagang kultural, nabibilang dito ang dimensyong pisikal na kung saan iniuugnay ng mga Taclobanon ang `di pangkarniwang kilos at huni ng mga hayop at ibon. Nabatid dito ang paggamit ng panloob na pandama sa pamamagitan ng mga panaginip, kutob, paramdamdam at ang `di mapakali. Samantala iniuugnay naman sa dimensyon espirituwal ang mga bulong bilang pansumpa sa kamatayan. Nabibilang din sa dimensyong sosyal ang pagmamalasakit sa mga kamag-anak na makikita sa mga paalala upang masumpa ang kamatayan.

Susing salita: pamahiin, kamatayan, Taclobanon

INTRODUKSYON

Ang Bayan ng Tacloban ay sentro ng kalakalan ng Hilagang Leyte. Sibilisado ang bayang ito ngunit sa kabila ng maunlad na pamumuhay ay nababalot ito ng

maraming pamahiin lalo na sa kamatayan. Ang kamatayan ay bahagi sa buhay ng tao ngunit ito ay iniwasang mangyari sa pamamagitan ng pagsunod sa mga payo ng matatanda na makikita sa mga pamahiin.

Malaking kawalan ang kamatayan ng tao kaya may mga pag-iingat na sinusunod ang mga Taclobanon, sa sentro at liblib man ng lungsod na ito. Binanggit ni Soriano [1] na ang Pilipinas ay nababalot ng maraming pamahiin at tradisyon ng mga matatanda tungkol sa mga bagay-bagay na walang relasyon sa ating nakikita o ginagawa. Halos bawat okasyon sa buhay ng tao ay may kaakibat na pamahiin na dapat sundin upang swertihin at malayo sa kapahamakan. Ito ay mga paniniwala na walang basehan kung ito ay may katotohanan o pawang nagkataon.

Malaki ang naging impluwensiya ng mga pamahiin sa buhay ng mga Pilipino lalo na sa mga usapin sa buhay tulad ng kultura, emosyon, tagumpay at kabiguan. Ito ay isang kaugaliang namana sa ating mga ninuno na patuloy pa rin isinasagawa ng karamihan. Ayon sa mga nakakatanda, ang hindi pagsunod sa mga pamahiin ay nagdudulot ng kamalasan o ng kasawian. Kaugnay nito, ang kamalasan at kasawian ay isa sa mga dapat iwasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamahiin na turo ng mga matatanda mula sa mga pangitain sa badya ng kamatayan, sa pagbuburol at paglilibing ay taglay nito ang dala ng kamalasan at sa kalaunan ay mauwi sa kamatayan. Malaki ang pagpapahalaga nito ng mga Pilipino hindi dahil sa nakagawian ng ating mga ninuno kundi paghahanda sa anumang mangyayari sa hinaharap sa hindi pagsunod sa mga paniniwalang ito.

Anupa't nakaugat na sa buhay ng mga Pilipino ang mga pamahiin sa kabila ng modernisadong pamumuhay ng mga Pilipino. Natukoy sa pag-aaral ni Evasco [2] na lumitaw ang mga katutubo at rural na pamahiin kahit sa espasyong urbanisado. Epekto ito ng penomena ng paglikas ng mga tagalalawigan sa lungsod upang makapag-aral at makapaghanap ng kabuhayan. Maaari ding dulot ito ng pagnanasa ng mga Pilipino na manirahan sa itinuturing na sentro ng pamumuhay. Kaya pinaniniwalaan sa pag-aaral na ito na ang mga pamahiin ng Lungsod Tacloban ay nabuo mula sa mga karatigbayan at lalawigan ng Silangang Visayas.

Sa konsepto ng panaginip ng mga Taclobanon ay may pagkakatulad at pagkakaiba rin sa paniniwala ng mga panaginip sa ilang pangkat etniko ng Pilipinas. Tulad na lamang sa pag-aaral ni Lubang [3] sa mga taga-Cavite, binanggit din ang tungkol sa alulong ng aso, usok-kandila, at pag-aaali-aligid ng paruparo at pugot na ulo na tanda ng kamatayan. Ang amoy-kandila para sa mga taga-Cavite ay tanda ng pagpaparamdam sa taong matagal nang namatay at nangangailangan ito ng dasal. Binanggit din pag-aaral

ni Tadle [4] na sa mga Ilokano, kung may mamámatay silang malapít na tao sa kanilang buhay ay may kaugnayan sa kamatayan ang hindi normal na pagkilos ng mga insekto, pag-aali-aligid ng itim na paruparo at eklipse. Kaugnay rin sa pag-aaral ni Grey [5] binanggit niya na kapag managinip ang mga Aeta na nalalagas ang mga ngipin ay may hatid ito sa kanila na kamatayan, masusumpa lamang ito kapag ngatngatin niya ang bagong sibol na kahoy.

Napakahalagang maitala ang mga pamahiin kaugnay sa kamatayan ng mga Taclobanon sapagkat ito'y maituturing na yaman ng panitikang salindila at bahagi rin ito ng kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamahiin. Ang pag-aaral na ito'y isang panimulang gawain sa paglikom ng mga salaysayin tulad ng mga pamahiin. Sa pamamagitan nito ay mapapanatili at mapapaunlad ang yaman ng panitikang lokal sa kabila ng banta ng modernisasyon ng bansang Pilipinas.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na makapangalap ang mga pamahiin sa kamatayan ng mga Taclobanon at masuri ang mga pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa mga pamahiing maituturing na mahalagang pangyayari sa buhay ng mga Taclobanon.

METODOLOHIYA

Ginamit ang desinyong etnograpiya sa pangangalap ng mga pamahiin sa kamatayan ng mga Taclobanon. Saklaw sa gawaing ito ang panayam, pakikipagkwentuhan, obserbasyon, pagirekord sa mga salaysay ng mga impormante na may malawak na kaalaman sa mga pamahiin sa kamatayan.

Semi-structured na talatanungan ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na kung saan bukod sa mga tanong na makikita sa talatanungan ay bukas din ang mananaliksik at mga impormante sa mga karagdagang tanong at sagot sa mga pamahiing nabanggit sa oras ng panayam. Ibinatay rin ang ilang katanungan sa pagkuha ng pamahiin sa “Gabay sa Lingguwistikong Etnograpiya ng Sentro at Kultura (SWAK) [6]” kinapapalooban ito ng mga paniniwala at kaugalian hinggil sa kamatayan. Ibinatay ang sukatan sa pagpapahalagang kultural ni Ponsalan [7] ng *Values Education Program Framework* ng DepEd na nahati sa pitong dimensyon: pisikal, espirituwal, sosyal, moral politikal at ekonomik.

Nasa *purposive sampling* ang paraan sa pagpili ng dalawang barangay na kumakatawan sa Lungsod Tacloban, ibinatay ito sa mga salik na

nakaiimpluwensiya sa paglinang ng panitikang Pilipino gaya ng: (a.) liblib na lugar (b.) baybaying-dagat (coastal) (c.) kabundukan (upland) at (d.) sentro ng bayan ng lalawigan ng Leyte.

Nasa paraang *purposive sampling* din sa pangangalap ng impormante na kung saan bukas ang mananaliksik sa pagkuha ng impormante depende sa kawilihan at sa panahong handang ilaan sa oras ng panayam. Pinagbatayan din sa pagkuha ng impormante ang sumusunod: (a.) edad 55- pataas (b.) ipinanganak at naninirahan sa komunidad na hindi bababa sa 15 taon (c.) inirekomenda ng residente at opisyal ng barangay na maalam sa mga pamahiin (d.) Taclobanon na handang magbahagi ng salimbibig na pamahiin na may kinalaman sa kamatayan.

Semi-structured na talatanungan ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na kung saan bukod sa mga tanong na makikita sa talatanungan ay bukas din ang mananaliksik at mga impormante sa mga karagdagang tanong at sagot sa mga pamahiing nabanggit sa oras ng panayam. Ibinatay ang sukatan sa pagpapahalagang kultural ni Ponsalan ng *Values Education Program Framework* ng DepEd na nahati sa pitong dimensyon: pisikal, espirituwal, sosyal, moral politikal at ekonomik.

Isinagawa ang ang tematikong analisis sa pamamagitan ng color coding upang masuri at mapagsunod-sunod ang mga pamahiin mula sa mga gawi na dapat iwasan ng mga kaanak hinggil sa kamatayan hanggang paggamit ng kutob o pandama sa kamatayan ng tao. Isinalin ang pamahiin sa wikang Filipino at sinuri ang salin ng dalawang ekspersto sa wikang Waray at Filipino.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Inilalahad dito ang resulta at analisis mula sa mga pamahiing nakalap na kasalukuyang pinaniwalaan ng mga Taclobanon ng Hilagang Leyte.

Mga Pamahiin sa Kamatayan

A. Gawi nga Dire Puydi Buhaton han Tawo (Mga Gawi na Hindi Dapat Gawin ng Tao)

Dire puydi magbaklo ngan magsurod ha gab-i, kay napailo ini hin kag-anak.

Bawal magputol ng kuko at magsuyod sa gabi, dahil mauulila ka sa mga magulang.

B. Mga Panigamnan ha Kamatayon Pinaagi ha mga Huni ug Gios han Hayop / Insekto ngan iba pa (Mga Palatandaan sa kamatayan sa Pamamagitan ng Huni at Galaw ng Hayop/ Insekto at iba pa)

1. *alibangbang* (paruparo)

Kun may alibangbang nga itom nga humapon ha sulod han iyo balay, pangasâ ini nga may pursuso mo nga pamilya o paryente nga mamâmatay.

Kapag may paruparong itim na dumapo sa loob ng inyong bahay, isa itong pagbabadya na may mamâmatay na iyong kaanak o kamag-anak.

2. *ayam* (aso)

a. *Kun may nauwang nga ayam hiton dida nga dapit, pasabot ini nga may mamâmatay ngada nga dapit.*

Kapag may asong umuungol sa lugar na iyon, ito'y babala na may mamâmatay sa lugar na iyon.

b. *Kun may abong nga ayam nga sukot mangabkab ha purtahan, namumunglo ini nga an iya agaron mamatay.*

Kapag may asong **abong** (asong mahilig magsungkal) na mahilig magsungkal sa tapat ng pintuan, nagbabadya ito sa kamatayan ng kanyang amo.

3. *bukaw* (kuwago)

Kun may maghuni nga bukaw hirani ha iyo balay, bangin usa han iyo kauropdan an mamâmatay, kay ini ginpapanalipdan hin dire sugad ha aton.

Kapag humuni ang kuwago malapit sa inyong bahay, maaaring isa sa inyong kaanak ang mamâmatay, sapagkat ginagabayan ito ng masamang elemento.

4. *hurikling* (Maliit na ibon na kulay itim na humuhuni lamang kapag gabi.)

Kun may maghuni nga hurikling o tikling ha tabis, may dara ini nga remalaso ha iyo lugar sugad hiton kairapa o kasakit, nga amo an hinungdan han kamatayon.

Kapag may humuning **hurikling** sa hatinggabi ay may dala itong peligro sa inyong lugar tulad ng pagkakasakit na siyang dahilan ng kamatayan

5. *lagóng* (bangaw/ malaking langaw)

Kun may maghapon-hapon nga lagóng ha imo, pasabot ini nga may mairapa ngan mamâmatay ha iyo pamilya. Iginapanhimulong ini sugad hit pagsiring nga, "Hingadto ka nala ha mga tanaman o ha iba, an imo kadimalasan.

Kapag may dumapu-dapung bangaw sa'yo, pahiwatig itong may magkakasakit o mamâmatay na iyong kaanak. Ibinubulong ito gaya ng pagsabing, "Mapunta ka na lang sa mga pananim o sa iba pa ang iyong dalang kamalasan."

6. *kulago* (kuwago)

Kun may maghuní nga kulago ha tabis, may mamâmatay hiton ngada nga dapit, ngan igsusumpa

ini ha pagsiring nga, “**Simbakô** ha bato ka la pakaigó.”

Kapag may humuning kuwago sa hatinggabi, may mamámatay sa lugar na iyon, at may ibinubulong ito tulad ng pagsabing, “**Simbakô** (ekspresyon ng mga Waraynon na walang mangyaring masama) sa bato ka na lang tumama.

7. *kupó-kupó* (Isang uri ng ibon na kulay kayumangi na humuhuni lamang kapag gabi)

Kun may maghuni nga kupó-kupó, pasabot ini nga may mamámatay nga masakiton hiton dida nga dapit.

Kapag may humuning ibong **kupó-kupó**, pahiwatig ito na may mamámatay na may sakit sa lugar na iyon.

8. kuto

Kun tigda ka la nga ginkuspad, pangasâ ini nga may nimo paryente o kakilala nga mapatay.

Kapag bigla ka na lang kinuto, isa itong badya na may mamámatay na iyong kamag-anak o kakilala.

9. *tagutô* (butikî)

Kun maghuni an tagutô, kinahanglan tumuktok ka kun hain ka natutungod basi mawara an sumpa nga maulpot ha iyo panimalay.

Kapag may humuni o tumiktik na butikî sa loob ng iyong bahay, kailangan mong kumatok kung saan ka nito natatapat, upang mawala ang sumpa na darating sa'yo.

C. *Mga Panigamnan ha Kamatayon Pinaagi ha mga Inop* (Mga Palatandaan ng Kamatayan sa Pamamagitan ng Panaginip)

1. *halas* (ahas)

Kun mag-inop ka hin halas, nasimbulo ini hin kandila ngan kinahanglan tumayop ka hadton mga nawára.

Kapag managinip ka ng ahas, sumisimbolo ito ng kandila at kailangan mong magtirik ng kandila sa mga namayapa na.

2. *isda*

Kun mag-inop ka nga nakadakop ka hin damo nga isda, senyales ini nga may-ada remalaso nga mahinabo ha iyo pamilya.

Kapag managinip ka nang maraming isdang huli, pahiwatig itong may peligrong darating sa iyong pamilya.

3. *kamatayon* (kamatayan)

a. *Kun mahikit-an mo ha imo inop nga namatay an usa nga imo suok nga pamilya o paryente, ini in mahinanabo mismo, makontra la ini kun tatapikun mo an imo kalugaringun, upod ha*

pagsiring nga, “Pahirayo la, hingadto ka la ha iba.”

Kapag makita mo sa iyong panaginip na namatay ang iyong kaanak o kamag-anak, mangyayari ito mismo, maiwasan lang ito kapag tatapikin mo ang iyong sarili, sabay bulong na, “Huwag sana mangyari ito sa akin, mapunta na lang sana ito sa ibang tao.”

b. *Kun mag-inop ka hin maraut sugad hiton kamatayon, kinahanglan ka bumuhad ngan maglimugmug hin tubig, ngan ibuga ha gawas han iyo balay upod hit pagsiring nga, “Mahiupod ka la ha tubig.”*

Kapag managinip ka ng masama gaya ng kamatayan, kailangan mong bumangon at magmumog ng tubig at ibuga sa labas ng iyong bahay sabay bulong na, “maisama ka na lang sa tubig.”

c. *Kun mag-inop ka hin maraot mahitungod hiton kamatayon, kinahanglan balikaron mo an ulunan nga imo gin-uunlan, ngan kagton an mga suso han ulunan basi maisumpa an anuman nga maraot nga mahinanabo.*

Kapag managinip ka ng masama hinggil sa kamatayan, kailangan mong baliktarin ang iyong unan at kagatin ang mga dulo nito upang maiwasan ang anumang masamang mangyayari.

4. *kandila*

Kun mag-iinop ka hin prosisyon nga may-ada dara-dara nga kandila, pasabot iton nga may mamámatay nga imo suok nga pamilya o paryente.

Kapag managinip ka ng kandilang hawak-hawak sa prosisyon, pangitain ito na may mamámatay na iyong kaanak o kamag-anak.

5. *lungon* (kabaong)

Kun mag-inop ka hin maraot labi na gud kun lungon o minatáy, mabuhad ka ngan dire ka mag-uuruaringsa ngan mabuga ka hin tubig, ipamumuga mo ini nga hingadto nala ini ha iba.

Kapag managinip ka ng hindi maganda lalo na kung ito'y kabaong o patay, dapat kang bumangon mula sa iyo kinahihigaan nang hindi iimik, saka mumumog ka at ibubulong mo na mangyari na lang ito sa ibang tao.

6. *ngipon* (ngipin)

a. *Kun nag-inop ka hin ngipon nga nagkakabuburó, pasabot ini nga may mapatay nga suok nimo nga pamilya o dire ngani hi ikaw mismo.*

Kapag napanaginipan mong nalalagas ang iyong mga ngipin, sinasabing may mamámatay na iyong kaanak, kamag-anak o hindi kaya ay ikaw mismo.

- b. *Kun nag-inop ka nga may nagkakabubugró nga mga ngipon labi na gud kun imo isinalod, pasabot ini nga may mamámatay nga imo sulodbalay. May panhisumpa ini nga dire matuman, sugad ha pagkagat hiton mga suso han ulunan.*

Kapag napanaginipan mong nalalagas ang iyong mga ngipin, saka sinalo mo ito sa pamamagitan ng iyong mga palad, paalala ito na may mamámatay na iyong kaanak. May panlaban ito upang hindi magkatotoo, gaya ng pagkagat sa mga suso ng unan.

- c. *Kun nagliligot an imo mga ngipon samtang nakaturog ka, ipalpal an imo kalugaringon kamot*

itong pangitain na may mangyayaring masama sa iyo.

7. tubig

- a. *Kun mag-inop ka hin tubig, luha an karuyag sidngon hini, panigmanan ini nga may mamámatay nga imo suok nga pamilya, paryente o kakilala.*

Kapag managinip ka ng tubig, luha ang kakambal nito, isa itong palatandaan na may mamámatay na iyong kaanak, maaaring kamag-anak o kakilala.

- b. *Kun mag-inop ka nga tumabók ka hin hilarom nga tubig o dire ngani ha imo pagtabok gin-abtan ka hin búlos o baha, nagpapasabot ini nga may maulpot ha imo nga remalaso sugad hit aksidente o dire ngani kamatayon kay iton tubig hulagway hin luha. May panhisumpa ini sugad hit imo pagkulob ngan pagkagat ha mga suso han ulunon ngan updan hin pag-ampo.*

Kapag managinip kang tumawid sa malalim na ilog at maabutan ka ng baha, isa itong pangitain na may darating na sakuna o kamatayan sa`yong pamilya dahil ang tubig ay simbolo ng luha. May panlaban ito upang hindi mangyari, gaya ng pagdapa, pagkagat sa suso ng unan at mag-alay ng manalangin.

8. sakayan (bangka)

Kun mag-inop ka hin sakayan nga waray katig ngan damo an manarakay hini, usa ini nga pasabot nga may mamámatay nga imo kapamilya, urupod o kakilala.

Kapag managinip ka ng bangkang walang katig at marami ang nakasakay nito, isa itong paalala na may mamámatay na iyong kaanak, kamag-anak o kakilala.

D. *Mga Panigmnan ha Kamatayon Pinaagi ha mga Pangabat* (Mga Palatandaan ng Kamatayan sa Pamamagitan ng Pakiramdam)

ngada ha imo babâ makatuló kabeses, kay nanununglo ka.

Kapag nagngangalit ang mga ngipin mo habang ika`y tulog, kailangan mong sampalin ang iyong mukha nang tatlong beses, dahil ikaw ay nanununglo (may dalang sumpa).

- d. *Kun manliligot ka dida hit imo pagkaturog, itinataplong ha imo la ngahaw im-im an imo mga palad o tsinelas, kay senyales ini nga may-ada mahihinabo nga dire maupay ha imo.*

Kapag nagngangalit ka habang ika`y tulog, ipasampal sa iyong katabi ang iyong mga labi sa pamamagitan ng iyong palad o tsinelas, dahil isa

1. baso

- a. *Kun may mabuong nga baso ha sulod han iyo balay, iginlalabay ini ngadto ha iyo bungseran ngan ipinamumugà nga, “Hingadto nala ini ha iba.”*

Kapag may nabasag na baso sa loob ng inyong bahay, ibinabato ito sa bakuran saka ibinubulong ito na, “Mangyari na lang ito sa iba.”

- b. *Kun mabuka an imo kinaptan nga baso, pangasâ ini nga may mamámatay nga imo suok nga pamilya o paryente.*

Kapag mabasag ang iyong hawak-hawak na baso, tanda ito na may mamámatay na iyong kaanak o kamag-anak.

2. ginbabaló (pananakot)

Kun pananglit ginbabaló ka, sugad hiton kabuong han plato, baso o ladawan, pagpaabat ini nga may mamámatay nga imo suok nga pamilya o paryente.

Kapag tinatakot ka, tulad na lamang kung may nabasag na pinggan, baso o larawang nakasabit sa dingding, paramdam ito sa`yo na may kaanak o kamag-anak kang mamámatay.

3. gin-iirasán (Hindi mapakali dahil sa hindi maipaliwanag na pakiramdam)

Kun gin-iirasán ka nga baga dire ka nahingangaturog ha katuknga han kagab-ihon, ngan para ha imo may nambabaló ha iyo balay, panigamnan ini nga may mahihinabo nga maraot ha iyo pamilya.

Kapag hindi ka mapakali sa iyong pagtulog sa kalagitnaan ng gabi na parang tinatakot ka, pahiwatig itong may masamang mangyayari sa iyong pamilya.

4. kulbâ (kutób)

Kun pirme ka ginkukulba, pasabot ini nga may mamámatay nga imo paryente o suok nga pamilya.

Kapag palagi kang kinukutuban, pahiwatig itong may mamámatay nga iyong kamag-anak o kaanak.

5. *pamaho* (pangamoy)

Kun nakakabaho ka hin makurukandila, pangasâ ini nga may mamámatay nga imo suok nga pamilya o paryente nga aadto ha hirayo.

Kapag may naamoy kang usok-kandila, pagbabadya itong may mamámatay na iyong kaanak o kamag-anak na nasa malayo.

Sa gawi na dapat iwasan ng tao hinggil sa badya ng kamatayan ay karaniwang iniwasan na ng mga taganayon at pampang ng Lungsod Tacloban ang pagputol ng kuko at pagsuyod sa gabi ng kaanak dahil mauulila siya sa kanyang magulang. Marami rin ang pinaniniwalaang tanda ng kamatayan na sinusunod ng mga taganayon at pampang ng Tacloban hinggil sa mga huni at galaw ng hayop at insekto, tulad na lamang sa kuto, malaking langaw at paruparo. Sa hindi pang karaniwang huni ng mga ibon sa hatinggabi tulad ng kuwago, hurikling (Maliit na ibon na kulay itim at humuhuni lamang ito kapag gabi), kupó-kupó (Isang uri ng ibon na kulay kayumangi na humuhuni lamang kapag gabi) at kulago ay pahiwatig

ito na may mamamatay na tao sa kanilang nayon. Kadalasan pagkatok sa dingding at pagsambit ng simbakô bilang pamigil-sumpa ang pamamaraang sinusunod ng matatanda upang hindi mangyari ang masamang pangitain. Sa galaw ng hayop tulad sa pagsungkal at sa alulong ng aso ay mamamatay ang kanyang amo. Sa pagdapo ng bangaw at paruparo na kulay itim ay may dala itong mensahe ng kamatayan. Sa mga panaginip tulad sa nalalagas at nangangalit na ngipin ay badya rin ito ng kamatayan. Kadalasan pagsampal ang panlaban sa sumpang ito. Samantala, sa mensahe ng panaginip ay kadalasan iniuugnay ng matatanda ang mga bagay na nakita sa panaginip tulad ng ahas na inuugnay sa kandila, pagtawid sa malalim at rumaragasang ilog na sumisimbolo sa paglululksa, bangkang walang katig na sumisimbolo sa kabaong at literal na panaginip sa kamatayan, pagmumog ng tubig at pagkagat sa suso ng unan ang panlaban sa sumpa nila rito. Bukod sa mga huni ng hayop, insekto at panaginip sa kamatayan ay may dalang mensahe rin sa kamatayan ang mga `di pangkaraniwang pakiramdam ng tao. Tulad na lamang sa pagkabagsag ng plato, ginbabaló o pananakot ang tawag ng matatanda rito. May mensahe rin ng kamatayan ang kutob, ang usok kandila, iras o `di mapakali, walang panlaban sa sumpa ng mga matatanda rito.

Talahanayan 1. Mga Pagpapahalagang Kultural sa mga Pamahiin sa Kamatayan ng mga Taclobanon

| Pamahiin sa Kamatayan | Pagpapahalagang Kultural |
|---|--|
| Bawal magputol ng kuko at magsuyod sa gabi, kasi mauulila ka sa mga magulang. | Pagsunod sa kaugalian Pagpapahalaga sa pamilya |
| Kapag may paruparong itim na dumapo sa loob ng inyong bahay, isa itong pagbabadya na may mamamatay na iyong kaanak o kamag-anak. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili |
| Kapag may asong umuungol sa lugar na iyon, ito'y babala na may mamámatay sa lugar na iyon. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili. |
| Kapag may asong abong (asong mahilig magsungkal o maghukay) mahilig magsungkal o maghukay ng lupa sa tapat ng pintuan, nagbabadya ito sa kamatayan ng kanyang amo. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili. |
| Kapag humuni ang kuwago malapit sa inyong bahay, maaaring isa sa inyong kaanak ang mamamatay, sapagkat ginagabayan ang kuwagong ito ng masamang elemento. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili. |
| Kapag may humuning <i>hurikling</i> sa hatinggabi ay may dalang peligro ito sa inyong lugar gaya ng pagkakasakit na siyang dahilan ng kamatayan. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili. |
| Kapag may dumapu-dapung bangaw sa`yo, pahiwatig itong may magkakasakit o mamámatay na iyong kaanak. Ibinubulong ito gaya ng pagsabi ng, “Mapunta ka na lang sa mga pananim o sa iba pa ang iyong dalang kamalasan.” | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili at sa pamilya. Pananalig sa bulong. |
| Kapag may humuning kuwago sa hatinggabi, may mamámatay sa lugar na iyon, at may ibinubulong ito sa pagsabing, “Simbakô” (ekspresyon ng mga Waraynon na walang mangyaring masama) sa bato ka na lang tumama. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili at sa pamilya. Pananalig sa bulong. |
| Kapag may humuning ibong <i>kupó-kupó</i> , pahiwatig ito na may mamámatay na may sakit sa lugar na iyon. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili at sa pamilya. |

Talahanayan 1 (cont). Mga Pagpapahalagang Kultural sa mga Pamahiin sa Kamatayan ng mga Taclobanon

| Pamahiin sa Kamatayan | Pagpapahalagang Kultural |
|--|--|
| Kapag bigla ka na lang kinuto, pagbabadyang itong may mamámatay na iyong kamag-anak o kakilala | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili at sa pamilya. |
| Kapag may humuni o tumiktik na butiki sa loob ng iyong bahay, kailangan mong kumatok kung saan ka natatapat nito, upang mawala ang sumpa na darating sa `yo | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili at sa pamilya. Pananalig sa bulong. |
| Kapag managinip ka ng ahas, sumisimbolo ito ng kandila at kailangan mong magtirik ng kandila sa mga namayapa na. | Pagsunod sa mga tanda ng kamatayan at pagiging handa sa anumang pangyayari sa buhay |
| Kapag managinip kang maraming isda ang iyong huli, pahiwatig itong may peligrong darating sa iyong pamilya. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili at sa pamilya. |
| Kapag makita mo sa iyong panaginip na namatay ang iyong kaanak o kamag-anak, mangyayari ito mismo, maiiwasan lang ito kapag tatapikin mo ang iyong sarili, sabay bulong na, “Huwag sana mangyari ito sa akin, mapunta na lang sana ito sa ibang tao. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pananalig sa bulong. |
| Kapag managinip ka ng masama gaya ng kamatayan, kailangan mong bumangon at magmumog ng tubig at ibuga sa labas ng iyong bahay sabay bulong na, “maisama ka na lang sa tubig.” | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pananalig sa bulong. |
| Kapag managinip ka ng masama hinggil sa kamatayan, kailangan mong baliktarin ang iyong unan at kagatin ang mga dulo nito upang maiiwasan ang anumang masamang mangyayari. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pananalig sa bulong. |
| Kapag managinip ka ng kandilang hawak-hawak sa prosisyon, pangitain ito na may mamámatay na iyong kaanak o kamag-anak. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pag-iingat sa sarili at sa pamilya. |
| Kapag managinip ka ng hindi maganda lalo na kung ito`y kabaong o patay, dapat kang bumangon mula sa iyo kinahihigaan nang hindi iimik, saka mumumog ka at ibubulong mo na mangyari na lang ito sa ibang tao. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pananalig sa bulong. |
| Kapag napanaginipan mong nalalagas ang iyong mga ngipin, sinasabing may mamámatay na iyong kaanak, kamag-anak o hindi kaya ikaw ay mismo. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pananalig sa bulong. |
| Kapag napanaginipan mong nalalagas ang iyong mga ngipin, saka sinalo mo ito ng iyong kamay, paalala ito na may mamámatay na iyong kaanak. May panlaban ito upang hindi magkatotoo, gaya ng pagkagat sa mga suso ng unan. | Paniniwala sa mga tanda ng kamatayan. Pananalig sa bulong. |
| Dimensyong Pisikal at Espirituwal | |
| Kapag hindi ka mapakali sa pagtulog sa kalagitnaan ng gabi na parang natatakot ka, ay pahiwatig itong may masamang mangyayari sa iyong pamilya. | Paggamit ng panloob na pandama. Paniniwala sa pagpaparamdam ng patay. |
| Kapag palagi kang kinukutuban, pahiwatig itong may mamámatay nga iyong kamag-anak o kaanak | Paggamit ng panloob na pandama. Paniniwala sa pagpaparamdam ng patay. |
| Kapag may naaamoy kang usok-kandila, pagbabadya itong may mamámatay na iyong kaanak o kamag-anak na nasa malayo. | Paggamit ng panloob na pandama. Paniniwala sa pagpaparamdam ng patay |

Karamihan sa mga pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa mga pamahiin sa kamatayan ng tao ay maiuugnay sa dimensyong pisikal at sosyal. Dimensyong sosyal sapagkat makikita rito ang pagpapahalaga sa pamilya sa pamamagitan ng pagsunod ng mga kaanak at kamag-anak sa mga paalala ng matatanda kung paano maiiwasan ang masamang pangitain sa panaginip kasama na rin dito ang pagsaway sa `di karaniwang gawi ng kaanak na magdadala ng kapahamakan sa pamilya tulad na lamang sa pagsaway sa bata habang nanunuyod at

pagpuputol ng kuko sa gabi. Nabibilang din sa dimensyong ito ang pagiging mapagmatyag sa sarili sa mga tanda mula sa `di pangkaraniwang kilos ng mga hayop na may hatid na kapahamakan sa pamilya.

Mabibilang naman sa dimensyong pisikal ang ugnayan ng tao sa hayop sa pamamagitan ng pananalig sa mga tanda at mensaheng hatid nito sa tao mula sa mga`di pangkaraniwang kilos ng hayop, insekto at mga ibon. Nabibilang din sa dimensyong ito ang paggamit ng panloob na pandama, kutob *iras* o `di pagkapakali ng tao, *ginbabalo* o pananakot. Nabibilang naman sa

dimensyong espirituwal ang pagkatok sa dingding, pagmumog ng tubig, pagkagat sa suso ng unan at pagsambit ng *simbako* na mapunta na lamang kalikasan ang anumang panganib na darating sa pamilya tulad na lamang sa masasamang pangitain sa panaginip at ang pagpapakahulugan nilalaman ng panaginip.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Lumabas sa pag-aaral na ang pinaniniwalaang pamahiin ng mga Taclobanon ay kadalasang pinagbabatayan ang `di pangkaraniwang huni at galaw ng mga ibon, hayop at insekto. Iniuugay rin sa kamatayan ang nilalalaman ng panaginip sa mga simbolo at bagay na nakita sa panaginip ng mga Taclobanon. Pinagbatayan din ang `di pangkaraniwang pandama, kutob, takot ng tao kaugnay sa nakaambang peligro at madalas iniuugnay ang mga ito sa kamatayan.

Natatangi sa Lungsod Tacloban ang pagbanggit ng salitang *simbako* at ang kaugalian ng pagkatok sa dingding upang hindi maganap ang pangitain sa kamatayan.

Nangibabaw sa pagpapahalagang kultural na nabibilang sa dimensyong pisikal ang malakas na paniniwala ng mga Taclobanon sa `di pangkaraniwang huni ng mga ibon, galaw ng mga hayop at insekto kaugnay sa kamatayan. Nakaugat din sa kultura ng mga Taclobanon ang malakas na paniniwala sa kutob, pakiramdan, takot o *balo* kaugnay sa kamatayan.

Makikita rin ang malakas na pananalig sa bulong na nabibilang sa dimensyong espirituwal tulad sa pagsambit ng *simbako*, pagkatok sa dingding at pagkagat sa suso ng unan na may kasamang bulong upang hindi matuloy ang masamang pangitain sa kamatayan. Nabibilang din sa dimensyong ito ang pagpapakahulugan sa mga panaginip kaugnay sa kamatayan. Buhay na buhay pa rin sa kulturang Taclobanon ang matibay na pagsasama at pag-aalala sa pamilya tulad sa pagsunod sa payo ng matatanda sa mga kaanak at kamag-anak kung ano ang mga dapat gawin upang masumpa ang masamang pangitain sa kamatayan. Kasama na rin dito ang pagsaway sa `di magandang gawi ng bata na magdadala ng kapahamaakan sa kanilang mga kaanak at kamag-anak.

Mahalagang maitala ang mga pamahiin sa kamatayan sapagkat ito ay gabay ng mga Taclobanon sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay na malayo sa kapahamakan. Ang panimulang gawain ng paglilikom ng mga salaysaying ito ay makatutulong sa preserbasyon at pagpapaunlad ng panitikang lokal at rehiyonal. Ang mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga pamahiin ay larawan ng kulturang Pilipino na dapat malinang sa kabataang Waraynon sa pamamagitan ng pagsasama nito

sa pagtuturo ng panitikang lokal salig alinsunod sa Republic Act No. 7356 nabuo ang *National Commission for Culture and the Arts* (NCAA) [8] na may mandatong maitaguyod at maprotektahan ang makasaysayang kultura at pamana ng bansa bilang tugon sa misyon ng Kagawaran ng Edukasyon na nakasaad din sa Akta Republika 10533 [9] o ang Pinaunlad na Pangunahing Edukasyon 2013 ang lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng mga aralin sa pagtuturo ng panitikang lokal at rehiyonal lalo na ang panitikang awral katulad ng mga pamahiin, paniniwala at kaugaliang may kaugnayan sa kultura ng mga Pilipino.

MGA SANGGUNIAN

- [1] Soriano, R. (2015). *Mga Sulatin(Writings), Samu`t Sari (Sundries)*. <https://uclaliwanagatdilim2015.wordpress.com/2015/03/06/1302/>.
- [2] Evasco, Y. (2000). *Sa Pusod ng Lungsod: Mga Alamat, Mga Kababalaghan Bilang Mitolohiyang Urban*. Humanities Diliman (January-June 2000) 1:1, 69-91.
- [3] Lubang, J. (2005). *Pantyon: Ilang Pamahiin, Tradisyon at Kwento ng Paglilibing sa Kabite*. De La Salle University.
- [4] Tadler, F. (2012). *Mga pagbabago sa tradisyon sa patay ng mga Ilokano sa pagpasok ng ika-21 dantaon*. Di-nalathalang Tesis. Unibersidad ng Pilipinas. Diliman, Quezon City.
- [5] Grey, E. (2016). *Cultural beliefs and practices of ethnic Filipinos: An ethnographic study*. *IRA-International Journal of Management & Social Sciences*, 3(3). doi:http://dx.doi.org/10.21013/jmss.v3.n3.p30.
- [6] Sentro ng Wika at Kultura. *Gabay sa pagkuha ng informant*. University of the Philippines- Diliman, Manila, Philippines.
- [7] Punsalan, T. (1997). *Curriculum and instruction: Edukasyon sa pagpapahalaga at edukasyong pagpapakatao*. Values Education Program (VEP) Framework
- [8] Republic Act No. 7356 (*An act creating the national commission for culture and the arts, establishing national endowment fund for culture and the arts and for the other purposes*).
- [9] CHED Memo order no. 20, s. 2013. Republic Act. No. 10533. *Enhanced basic education Act of 2013*

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).